# Balitang Manmin

BILANG 199 MARSO 18, 2018


# “Maligayang Pagbati sa Ika-9 na Anibersaryo ng Papuring Manmin!”

## Naisalin na ang Papuring Manmin sa 11 Wika at Naipamahagi na Ito sa Buong Mundo

Ayon sa Deuteronomio 31, pinasulat ng Diyos si Moises ng isang kanta para ituro sa mga anak ni Israel para hindi nila makalimutan ang Kautusan ng Diyos at ang mga bagay na ginawa Niya para sa kanila dahil sa pagmamahal.

Sa kasalukuyan, laganap sa buong mundo ang kasalanan at kasamaan. Matindi ang pangangailangan ng mga Cristiano ng mga papuri na naglalahad ng kalooban ng Diyos. Batid ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang pangangailangang ito kaya nanalangin siya. Bilang sagot, nagbigay ang mapagmahal na Diyos ng magagandang musika at salita.

Ang unang awit, “The Lord’s Confession” (Ang Pagpapahayag ng Panginoon), ay ibinigay noong Pebrero 3, 2009. Sa kasalukuyan, umabot na sa 345 ang mga awiting bigay ng Diyos. Madaling matutuhan ang mga awit, pwede itong kantahin ng babae o lalaki, kahit ano ang edad. Kahit maiksi ang isang awit, nagpapakita ito ng iba’t ibang elemento ng musika.

Isinalin na ang mga awitin sa 11 wika, English, Chinese, at iba pa. Bukod dito, kinakanta din ito ng mga miyembro na nasa ibang bansa sa wikang Koreano. Sabi nila, tumatanggap sila ng malaking pagpapala dahil mas nadadama nila ang kanta kung nasa wikang Koreano ang mga ito. Nagsisilbing mahigpit na kuneksyon na naglalapit sa mga miyembro sa buong mundo ang mga Papuring Manmin.

Inihahatid ng Papuring Manmin ang pag-ibig ng Diyos sa mga miyembro, binibigyan sila nito ng pag-asa na makita ang kagandahan ng langit, at nililinis nito ang mga puso nila. Ito ay dahil ang kapangyarihan ng muling paglikha ay ipinapahayag sa mga awit, at nagdadala ito ng kapayapaan at matinding damdamin. Itinataboy nito ang kadiliman, kaya nahihikayat silang magsisi sa kanilang mga kasalanan, nagpapagaling ito ng mga karamdaman, nagbibigay ng mga kasagutan, mga biyaya, at kalutasan ng mga problema.

Pasalamatan at luwalhatiin nating lahat ang Diyos na karapat-dapat tumanggap ng papuri natin magpakailanman.

### *Ang Pagpapahayag ng Panginoon*

1 Ama, O Aking Ama,
Masdan ang mga luha sa Aking mukha
Dumating na ang oras ng pag-alis Ko,
Upang sa Kanan Mo’y umupo Ako.

Ipinauubaya Ko sa Iyo ang mga kaluluwang ito,
Na pinili Mo ayon sa perpektong pag-ibig Mo.
O Ama, tuparin ang kalooban Mo
Sa buhay ng mga tao, papuri at luwalhati ay tanggapin Mo.

Kahit wala na dito ang Anak Mong ito,
Kasama pa rin ninyo Ako.
O Ama, itanim ang pag-ibig Mo dito,
Itanim Mo ang pag-ibig
Mo sa lugar na ito.

2 Ama, o Aking Ama, sumunod Ako,
Kalooban Mo ay natupad na,
Ibinigay ang kaligtasan sa mga kaluluwa,
Sa pamamagitan ng pag-ibig ng Ama.

Ang pag-asa na marating ang langit,
kaharian ng langit,
Ibinigay na sa mga anak Mo,
Nagbunga ito ng pag-ibig,
Ang pag-ibig ng Ama,
kamangha-manghang
pag-ibig ng Diyos.

O Aking Ama, ang bunga
ng mga luha Mo,
Dahil sa paglilingkod na ginawa.
Mahal kong Ama, o Aking Ama,
Salamat sa Iyo, salamat sa Iyo.


Copyright © 2009.2.3
Administered by Manmin Central Church.
All rights reserved. Used by permission.


### Napuno Ako ng Kagalakan at Pag-asa para Makarating sa Langit

“Kapag umaawit ako ng Papuring Manmin damang-dama ko na napakalapit ko sa Panginoon. Nahihikayat akong mabuhay ayon sa kalooban ng Diyos.”

Kapatid Estela Melgar, California Manmin Mission Center, Estados Unidos

“Nawala ang depresyon at pananakit ng ulo ko nang umawit ako ng Papuring Manmin. Punung-puno na ako ng pag-asa ngayon na makakarating ako sa langit!”

Kapatid Jedidah Wanjiru, Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya

“Pagkatapos kong maranasan ang inspirasyon, emosyon, at pagtatanghal ng Papuring Manmin, mas naintindihan ko ang Salita ng Diyos.”

Pastor Dmitry Petrovsky, Israel

### Damang-dama ko ang Pag-ibig ng Diyos!

“Nadadama ko ang presensya ng Diyos kapag inaawit ko ang Papuring Manmin. Umaasa ako na matututuhan din ng mga kababayan ko sa India ang tungkol sa pag-ibig Niya para makarating din sila sa langit.”

Kapatid Jaya Kumar, Chennai Manmin Church, India

“Kapag umaawit ako ng Papuring Manmin at pinagninilayan ang bawat salita, nadadama at pinasasalamatan ko ang pag-ibig ng Diyos para sa akin.”

Kapatid Galina Plamadeala, Moldova Manmin Church

“Nasisiyahan ako dati sa mga makamundong modernong musika. Pero nadama ko ang pag-ibig ng Diyos sa Papuring Manmin, nagbago ang musikang kinahihiligan ko.”

Kapatid Ryu Sumika, Tokyo Manmin Church, Japan

### Gumaling Ako Mula sa Karamdaman, Sinagot ang Panalangin Ko, at Tumanggap Ako ng mga Biyaya!

“Nabingi ako dahil sa isang aksidente. Pero nang awitin ko ang Papuring Manmin, nakarinig ang kanang tainga ko, malinaw na ang pandinig ko ngayon!”

Kapatid Wariphan Noksaeng, Bangkok, Thailand

“Habang umaawit ako ng Papuring Manmin, idinadalangin ko ang tatay ko na umuusig sa akin. Dumadalo na siya sa iglesya ngayon at masaya siya doon!”

Kapatid Nancy Kapoor, Delhi Manmin Church, India

“Habang pinapakinggan namin ang Papuring Manmin, gumaling ang rayuma ko at ang trangkaso ng asawa ko!”

Diakono Gyan Bahadur Rai, Nepal Manmin Church



※ Inayos ang mga litrato ayon sa pagkakagasunod-sunod ng mga panayam

# Pusong Tapat at Lubos na Katiyakan ng Pananampalataya



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Tayo'y lumapit na may tapat na puso sa lubos na katiyakan ng pananampalataya, na ang mga puso ay winisikang malinis mula sa isang masamang budhi at nahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig" (Sa Maga Hebreo 10:22).

Sa talatang binasa natin ngayon, hinihikayat tayo ng Diyos ng pag-ibig na magkaroon ng pusong tapat at lubos na katiyakan ng pananampalataya. Ito ay sapagkat kapag natupad natin ito, tatanggapin natin ang dakilang pag-ibig Niya.

Kaya, paano tayo mananalangin at ano ang hihilingin natin para magkaroon tayo ng pusong tapat at lubos na katiyakan ng pananampalataya? Pag-aralan natin ito, gamitin nating halimbawa ang mga Israelita na hindi makapasok sa Lupain ng Canaan kahit 40 taon silang nabuhay sa desyerto.

## 1. Ang dahilan kung bakit dapat tayong maghangad ng tapat na puso at lubos na katiyakan ng pananampalataya

Ang itinutukoy na pusong tapat ay pusong malinis at totoo, walang bahid ito ng pagsisinungaling o pagbabago. Ang lubos na katiyakan ng pananampalataya naman ay espiriuwal na pananampalataya na ibinibigay ng Diyos kapag nagkaroon na tayo ng pusong tapat. Nalulugod ang Diyos sa pananampalatayang ito dahil nagpapakita ito ng pagsunod sa Kanya. Ipinapakita din nito na batid ninyo ang damdamin at kalooban Niya. Ito ay tunay na pananampalataya, ni walang pag-aalinlangan sa Diyos.

Noong buhay pa ang espiritu ni Adan, tapat pa ang puso niya dahil ang puso niya mismo ang espiritu niya. Puro katotohanan ang nilalaman nito. Sumusunod siya sa Diyos, at minamahal siya nito ng buong-buo. Bilang tagapamahala ng lahat ng bagay na nilikha ng Diyos, malaki ang kayamana at karangalan niya, pero higit sa lahat, nakakausap niya ang Diyos na espiritu.

Pero nang magkasala siya, nabahiran ng mga kasinungalingan at kasamaan ang puso niya. Naging laman siya, at ang puso niya ay pinaghalong katotohanan at kasinungalingan. Hindi na niya magawang makipag-usap sa Diyos tulad ng dati niyang ginagawa. Sa paglipas ng panahon, palaki ng palaki ang bahid ng kasamaan sa mga ng inapo niya. Lumayo na sila sa Diyos, at sa halip na Diyos ang kausapin nila, ang kaaway na diyablo at Satanas ang kinakausap nila.

Salamat sa Diyos dahil puno Siya ng pag-ibig, isinakripisyo Niya ang Anak niyang si Jesus bilang kabayaran para maibalik ang malapit na relasyon ng Ama sa mga Anak Niya. Ipinadala din Niya ang Mang-aaliw, ang Banal na Espiritu, para magkaroon tayo ng karapatan na tawagin Siyang. "Abba, Ama" (Mga Taga Roma 8:15). Hinihikayat Niya tayo na pagsikapang magkaroon ng pusong tapat at lubos na katiyakan ng pananampalataya para makibahagi tayo sa tunay na pag-ibig ng Diyos at magkaroon ng masayang buhay, tulad ng buhay ni Adan noon. Pagkatapos, nais Niyang manahin natin ang kaharian ng langit at makarating sa Bagong Jerusalem kung saan naroon ang trono ng Diyos.

## 2. Mga bagay na dapat pag-aralan at isipin para magkaroon ng tapat na puso at lubos na katiyakan ng pananampalataya

### 1) Hindi maiwaksi ng mga anak ni Israel ang papalit-palit ng isip.

Kinaawaan ng Diyos ang mga anak ni Israel noong nagsisiiyak ang mga ito habang inaalipin sa Ehipto. Ipinadala Niya sina Moises at Aaron para palayain ang mga ito mula sa Faraon at dalhin ang mga ito sa Lupain ng Canaan na isang lugar kung saan dumadaloy ang gatas at pulot.

Pero nang mailabas sila mula sa Ehipto, nagsimula rin sila sa walang tigil na pagrereklamo. Hinati ng Diyos ang Dagat na Pula para makatawid sila sa tuyong lupa. Pinakain sila ng mana at pugo. Pero kahit pinakitaan sila ng mga himala, nagpalit sila ng isip, nagreklamo pa rin sila. Dahil palagi silang nagpapalit ng isip, hindi nila mapagtiwalaan ang mga pangako ng Diyos na tapat.

Pero, dahil kay Moises, naging matiyaga ang Diyos sa kanila, dinala sila sa pasukan ng Lupain ng Canaan pagkatapos ng 40 taong paglalakbay sa desyerto. Pero nagrereklamo pa rin sila. Bago makapasok sa Canaan, marami sa kanila ang humarap sa walang kabuluhang kamatayan dahil sa kasalanan nila. Tinuklaw sila ng mababangis na ahas sa desyerto.

Hindi kayo makatatanggap ng mga biyaya kung nagpapalit kayo ng isip kahit naranasan na ninyo ang hindi mabilang na mga tanda, himala, at pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Kapag nagrereklamo kayo o nanggugulo, depende sa nararamdaman ninyo o sa situwasyon, dahil bihasa kayong magpalit ng isipan, parang itinataob ninyo ang sisidlan ninyo na paglalagyan ng mga biyaya kaya imposibleng malamanan ito. Kung maiwawaksi ninyo ang papalit-palit ng isipan at magkakaroon ng pusong tapat, bibigyan kayo ng perpektong pananampalataya na magtiwala nang buong puso.

### 2) Naging makamundo ang mga Israelita hanggang sa huli.

Dahil pinili ng Diyos ang mga Israelita, binigyan Niya ang mga ito ng mga utos at pinaalalahanan na sundin ang mga utos na ito. Hindi lang mga salita ang ibinigay ng Diyos sa kanila, sinabi Niya na ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Dapat silang magsakripisyo ng mga hayop para sa mga pagkakasala nila. Nakita din nila ang pagpaparusa sa mga kababayan nila ng kamatayan dahil sa pagkakasala ng mga ito sa desyerto.

Ang ilang mga anak ni Israel ay pumatol o nakiapid sa mga anak na babae ng Moab bago sila pumasok sa Lupain ng Canaan. Nagkasala din sila ng paghihimagsik at pagsamba sa mga diyus-diyosan. Mahigit sa 20,000 tao ang namatay sa salot. At habang sinasakop ang Lupain ng Canaan, ninakaw ni Acan ang mga bagay na para sa Diyos dahil sa kasakiman niya. Binato siya hanggang mamatay.

Ang Lupain ng Canaan na ibinigay ng Diyos sa Israel ay masagana, dumadaloy ang gatas at pulot. Pero puno din ito ng kasalanan ng mga mamamayan kaya dapat silang hatulan. Kung hindi sila mag-iingat, masasanay na sila sa kasaganahan o kaya mababahiran sila ng kamunduhan. Dahil dito, sinanay ng Diyos ang mga anak ni Israel para maging banal sa pamamagitan ng matagal na pagtitiis sa desyerto.

Tahasan ba ninyong masasabi na kahit ganoon ang situwasyon, sa Diyos pa rin kayo lalapit at susundin pa rin ninyo ang mga utos Niya? Hinihiling ko sa inyo ngayon sa pangalan ng Panginoon na iwaksi ninyo ng lubos ang pagmamahal ninyo sa mundo at ibigin ang Diyos ng higit sa lahat para makamit ninyo ang tapat na puso at magkaroon ng perpektong pananampalataya.

### 3) Hindi nakamit ng mga Israelita ang ganap na tagumpay dahil sa kayabangan nila.

Sa Diyos lang lubos na umasa si Caleb, sinakop niya ang lupain na ipinangako sa kanya ng Diyos. May mga tribo, tulad ng tribo ni Dan, na gumamit ng sariling paraan at kapangyarihan, hindi nila lubos na nasakop ang bahaging ibinigay sa kanila. Naging masagana ang buhay ni Josue, ang pumalit kay Moises, nang hilingin niya ang kalooban ng Diyos, pero nang hindi niya ito hiniling, dinaya siya ng Cananeo (Josue 9).

Malalim ang ugat ng kayabangan sa isipan ng isang tao. Magpakumbaba tayo at umasa sa tulong ng Diyos na maiwaksi ito para magkaroon ng pusong tapat. Kung palalakasin ninyo ang espiritu ninyo sa pamamagitan ng salita ng Diyos at panalangin, at aasa sa kapangyarihan ng Diyos, matutuklasan ninyo ang masamang konsiyensya na mahirap makita at pati ang kasamaan na nasa kaibuturan ng pagkatao ninyo. Pati ang mga kasamaang hindi nakatago ay maiwawaksi din ninyo (Sa Mga Hebreo 10:22).

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, para magkaroon ng pusong tapat at lubos na katiyakan ng pananampalataya, linisin natin ang puso natin. Gaya ng balat na dumudumi, tanggalin din natin ang balat ng puso na nababahiran ng kasalanan at kasamaan (Jeremias 4:4). Kung itatanim natin ang katotohanan sa puso nating malinis, magkakaroon tayo ng lubos na katiyakan ng pananampalataya at tatanggapin anuman ang hilingin natin. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maging totoong masaya kayo magpakailanman.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Tunay na Pagsunod

Sumunod si Jesus sa Diyos hanggang sa mamatay sa krus para tuparin ang kalooban ng Diyos sa kaligtasan. Nagawa Niya ito dahil iniibig Niya ang Diyos Ama. At dahil sa pagmamahal Niyang ito, nagpakababa Siya, sumunod, at tinupad ang kamatayan sa krus ng may galak sa puso. Para matupad din natin ang kalooban ng Diyos bago magwakas ang panahon, dapat itama natin ang pagkakaintindi sa kalooban Niya at sumunod dito.

## Una sa lahat, iwasan nating maging makasarili, isipin natin ang Diyos na nasa atin.

Dapat naisin ng mga nagmamahal sa Diyos na makasunod sa Kanya. Sinasabi nila, "O Diyos, mahal Kita" pero nauuwi sa pagsuway ang paglilingkod nila. Ang dahilan nito ay 'makasarili' sila.

Ang ibig sabihin nito ay kapag may ginagawa sila, ginagamit ang sarili nilang isipan, karunungan, at pamamaraan. Ipinipilit nila kung ano ang inaakala nilang tama. Ginagawa nila kung anong gusto nilang gawin, pero akala nila, sumusunod sila sa salita ng Diyos. Karaniwang nangyayari ito kung hindi nila naiintindihan at natatanto ang kalooban ng Diyos.

Sinisisi nila ang ibang tao kapag hindi maganda ang resulta ng trabaho nila o kung hindi sila pinuri o kinilala sa ginawa nila. Ito ang dahilan kung bakit hindi nila natutuklasan ang mga pagkukulang nila. Masyado silang kampante kaya hindi sila nakakukuha ng magandang resulta sa trabaho nila. Akala nila nananampalataya sila pero hindi, at tinutupad nang maayos ang mga tungkuling ibinigay ng Diyos ayon sa kalooban Niya, pero sila lang ang nasisiyahan.

◆

Walang bahid ng pagkamakasarili si Jesus. Tanging Diyos Ama lang ang laman ng puso Niya, kaya hangarin lang ng Ama ang sinunod Niya, hindi ang kalooban Niya. Palagi Siyang nananalangin at hinahanap ang kalooban ng Diyos Ama habang nagmiministeryo Siya sa mga tao. Lubos at perpektong pagsunod sa salita ng Diyos ang ginawa Niya sa Kanyang pagmiministeryo (Zacarias 9:9; Mateo 21:2-7). Ipinaliwanag, kalooban lang ng Diyos ang sinunod ni Jesus para matupad ang kalooban nito tungkol sa kaligtasan sa pamamagitan ng kamatayan sa krus, ni walang mali.

Masusunod natin ang kalooban ng Diyos kapag ikakaila o kalilimutan natin ang 'sarili'. Patayin natin ito tulad ng ginawa ni Apostol Pablo, sinabi niya, "Ako'y namamatay araw-araw" (1 Mga Taga-Corinto 15:31).

## Dapat walang hinihinging kapalit o kondisyon ang puso natin.

May mga taong humihingi ng kapalit sa bawat bagay. Pinipili nila ang mga bagay na makabubuti sa kanila ayon sa mga hinahangad at makasariling motibo nila. Mabilis din silang magpalit ng isip. Sumusunod sila kung makikinabang sila, pero nagdadahilan sila at hindi sumusunod kung hindi sila makikinabang.

Pero hindi tungkol sa pakikinabangan ninyo ang tunay na pagsunod. Hindi ito tungkol sa mga pangyayari, o realidad, o pagdadahilan. Ang dapat lang ninyong isipin ay ang kalooban ng Diyos. Sumusunod kayo ng walang kondisyon sa kahit na anong situwasyon ayon sa kalooban ng Diyos.

◆

Sa Mateo kabanata 19, may isang mayamang lalaking lumapit kay Jesus at nagtanong sa Kanya, "Guro, anong mabuting bagay ang dapat kong gawin upang magkaroon ako ng buhay na walang hanggan?" Hindi niya tinanggap ang inaasahan niyang sagot mula kay Jesus. Umalis ang lalaking nalulungkot. Mabuti ang intensyon ng lalaki nang lapitan niya si Jesus, pero sa isipan niya, susunod siya ayon sa limitasyon niya. Kaya sinunod niya kung ano ang makabubuti para sa sarili niya.

Hindi ba't sumusunod kayo para sa personal na katanyagan ninyo, o makasariling resulta? Hindi ba susunod lang kayo kung ito ay sang-ayon sa paraan at pakinabang ninyo? Dapat ninyong sundin ang kalooban ng Diyos hanggang sa huli kahit ano pa man ang mangyari. Kung gusto talaga ninyong sumunod, sumunod kayo ng may galak sa puso hanggang sa katapusan.

Hindi naghanap si Jesus ng pansariling kaluwalhatian. Sumunod Siya para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit iniwan Niya ang maluwalhating trono sa langit, pumunta sa mundo, at namatay sa krus na parang napakasamang kriminal. Kung matanto natin ang pagmamahal at pagsunod Niya, huwag lang natin sundin kung ano ang iniuutos ng Diyos sa atin, kundi magkaroon din ng maliwanag na pagkaintindi ng kalooban Niya at ng nilalaman ng puso Niya.

## Dapat magbunga tayo ng espirituwal na pag-ibig.

Nang ipako si Jesus sa krus, natakot ang karamihan sa mga disipulo Niya, nagsitakbo sila palayo. Nanatili sa tabi Niya hanggang sa huli ang mga kababaihan, kabilang dito sa Maria Magdalena. Labis ang pagmamahal nila kay Jesus, hindi sila natakot, kahit anumang panganib.

Kung minamahal ninyo ang Diyos at ang Panginoon, papatayin ninyo ang inyong 'sarili' at hindi ninyo iisipin kung ano ang mangyayari dito. Kung hindi ganito ang pagmamahal ninyo sa Diyos, hindi kayo magkakaroon ng espirituwal na pananampalataya, hindi ninyo magagawa ang kalooban Niya, at hindi kayo magkakaroon ng pag-asang makakarating kayo sa langit.

Dahil malaki ang pagmamahal ni Jesus sa Diyos, nagtiwala Siya sa Kanya, at umasa na darating ang maluwalhating araw na tatamasahin Niya ang kaharian ng langit kasama ng Diyos. Kung tunay ang pagmamahal ninyo sa Diyos ganito rin ang madadama ninyo. Susundin ninyo ang lahat ng bagay, ibibigay ninyo pati ang buhay ninyo.

◆

Makikita sa pahayag ni apostol Pablo kung gaano kalaki ang pagmamahal niya sa Diyos. Sinabi niya sa Mga Taga-Roma 8:35-39, "Sino ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang kahirapan ba, o ang kapighatian, o ang pag-uusig, o ang taggutom, o ang kahubaran, o ang panganib, o ang tabak? Gaya ng nasusulat, 'Dahil sa iyo kami'y pinapatay sa buong araw; kami'y itinuturing na mga tupa sa katayan.' Ngunit sa lahat ng mga bagay na ito, tayo'y higit pa sa mga nagtatagumpay sa pamamagitan Niya na sa atin ay umibig. Sapagkat ako'y naniniwalang lubos, na kahit ang kamatayan man, ni ang buhay, ni ang mga anghel, ni ang mga pinuno, ni ang mga bagay na kasalukuyan, ni ang mga bagay na darating, ni ang mga kapangyarihan, ni ang kataasan, ni ang kalaliman, ni ang alin pa mang nilalang, ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos, na na kay Cristo Jesus na Panginoon natin."

Tandaan ninyo, ang tunay na pagsunod ay nagmumula sa malalim na espirituwal na pag-ibig at nagbubunga ito ng masaganang espirituwal na pagmamahal.

# "Muling nabuhay ang anak kong tatlong taong gulang!"



Diakonesa Jisu Oh, 26 taong gulang, Parokya 2, Manmin Central Church



Nakatanggap ako ng tawag sa telepono ng mga ika-2:45 ng hapon, noong Enero 2. Sinabi sa akin na dinala sa ospital ang bunsong anak kong lalaki (3 taong gulang) na si Yechan. Umaga pa lang daw, parang maysakit na ito habang nasa daycare center. Hindi rin siya kumain, natulog lang. Kinahapunan, nagising siya at biglang sumuka. At habang dinadala siya sa ospital, huminto siya sa paghinga.

### Pagkatapos ng panalangin na lumalampas sa lugar at panahon, nakahinga siya.

Habang nakasakay sa taksi papunta sa ospital, nanalangin ako at hiniling ko sa Diyos na iligtas ang anak ko. Pagdating ko sa ospital, humihinga siya sa tulong ng isang makina (respirator). Nagpadala ng hiling sa panalangin ang pamilya ko sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na nasa bahay niya sa Bundok Panalanginan. Pagdating ng mga ika-7:00 ng gabi, narinig ko na idinalangin ang anak ko ng Punong Pastor. Nagsimulang huminga ang anak ko ng walang tulong ng makina.

Sinabi ng doktor na malamang maging parang gulay siya dahil hindi siya nagamot agad. Pagkatapos niyang atakihin sa puso at tumigil sa paghinga, 20 minuto pa ang lumipas bago makarating sa ospital. Sinabi pa niya na kahit magising ang anak ko, hindi na magiging normal ang buhay niya.

### Kahit 20 minuto ang nakalipas bago nasuri ang puso niya, walang naging pinsala sa utak niya.

Dapat magsagawa agad ng CPR sa loob ng apat na minuto, sa isang pasyenteng inatake sa puso. Kung hindi gagawin ito, hindi masisiguro kung mamamatay ito o mabubuhay. Tinatawag ang 4 na minutong ito bilang 'golden time'. Kung hindi ito gagawin, kadalasan namamatay ang pasyente. At kung mabubuhay naman, may pinsala ang utak niya. Sa pagsusuri ng utak niya, walang nakitang problema. Sinabi ng mga doktor na totoong mapalad siya. Bumubuti ang pakiramdam niya bawat araw. Nagpapasalamat ako ng lubos sa Diyos.



Sumailalim siya sa maraming pagsusuri, mayroon siyang myocardial infarction dahil sa komplikasyon ng karamdamang tinawag na Kawasaki. Ang Kawasaki ay isang karamdaman kung saan lahat ng ugat sa katawan ay namumula at namamaga. Ang pinakapangkaraniwang sintomas ay lagnat na tumatagal ng limang araw. Namamaga ang mga ugat sa puso. Namumuo din ang dugo na bumabara sa puso, kaya nakamamatay ito. Sinabi ng doktor na barado ang ilang bahagi ng ugat niya sa puso, ang iba naman ay namamaga, o lumolobo. Kung puputok ito, mamamatay ang anak ko.

### Hindi tiyak kung mabubuhay siya dahil sa sakit niya pero gumaling siya agad.

Napakabata pa niya para operahan, kaya ang pag-inom ng gamot ang pwedeng gawing paraan para gumaling siya. Mula sa gabi ng Enero 3 hanggang kinabukasan Enero 4, binigyan siya ng gamot na tutunaw sa mga namuong dugo. Baka ikamatay din niya ang pagdurugo ng utak na epekto ng mga gamot, pero iningatan siya ng Diyos.

Sinabihan kami ng doktor na ihanda na ang huling sandali ng buhay niya na baka mangyari kinabukasan. Ibig sabihin, pwedeng mamatay si Yechan kahit anong oras. Pero, nabawi niya ang kalakasan niya sa bawat araw na dumadaan. Noong Enero 6, ika-apat na araw niya sa ospital, hindi na niya kinailangan ang makina na tumutulong sa paghinga niya. Uminom na rin siya ng tubig.

Noong Enero 7, Linggo, naupo na siya sa kama. Idinalangin siya ulit ng Punong Pastor pagkatapos ng Pagsamba sa Linggo ng Gabi. Pagkatapos, tinawag niya kami, "Inay!, Itay!, Lola!" Nakipagsaya siya sa amin. Nakakahinga na siya ng maluwag, 100% na. Walang problemang nakita sa mga pasusuring ginawa sa mga bahagi ng katawan niya. Inilipat na rin siya ng kwarto, tinanggal siya sa ICU dahil hindi na delikado ang kalagayan niya. Naging matalino at masayang bata siyang muli gaya dati.

Nagdala ng mga dakilang pagbabago sa buhay namin ng asawa ko ang pangyayaring ito. Hindi na maligamgam ang buhay namin bilang mga Cristiano, at dumadalo na kami sa pulong panalanging Daniel. Huminto na ang asawa kong si Taesung Oh sa pag-inom ng alak, paninigarilyo, at paglalaro ng computer. Pinapanatili niyang banal ang araw ng Panginoon, dinadaluhan niya ang lahat ng pagpupulong para maibahagi ang pagpapalang tinatanggap namin mula sa Diyos. Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay para sa Diyos, nagpapasalamat din kami sa Punong Pastor na nanalangin ng may buong pagmamahal.

# "Nakalaya mula sa mga karamdaman at masasamang espiritu ang pamilya ko!"

Diakono Rokson Saimon, 41 taong gulang, Madurai Manmin Church, India

Nabuhay akong may masasakit sa katawan magmula noong bata ako. At ang pananakit na ito ay nagmumula sa kaliwang binti ko. Magmula noong taong 2004, pinagdusahan ko na ang varicose veins. Nahirapan akong magbuhat ng mabibigat at tumayo ng matagal.

Pumunta sa maraming templo ng Hindu ang asawa at biyenan ko para hilingin ang paggaling ko, pero walang pagbabago sa kalagayan ko. Noong taong 2008, nagsagawa ng panggagaway ang asawa ko dahil umasa siya na gagaling ako sa pamamagitan nito kahit buntis siya sa pangalawang anak kong lalaki. Pagkatapos, may nangyari sa kanyang kakaiba at hindi karaniwan. Hinimatay, at nagsuka siya, at nagkaroon pa ng relasyon sa ibang lalaki. Sinapian siya ng mga demonyo. Noong Abril 2010, lumipat ako at ang pamilya ko ng tirahan.

Isang araw, gumaling ang sakit sa balat ng panganay na anak kong lalaki. Sinabi niya na tumanggap siya ng panalangin na may panyo na dinalanginan ni Dr. Jaerock Lee, Punong Pastor ng Manmin Central Church, ng magsimba siya sa iglesyang malapit sa bahay namin (Ang Mga Gawa 19:11-12).



Ginaya namin siya, dumalo na din kami sa Madurai Manmin Church. Sinabi ni Pastor Persiyal Rajadurai na pupunta sa iglesya si Pastor Joseph Han (Chennai Manmin Church) para idaos ang pulong na may panyong nakapagpapagaling. Sinabi niya na gagaling ang asawa ko sa pamamagitan ng panalangin. Nang tanggapin niya ang panalangin ni Pastor Han na may panyo, lumayas mula sa kanya ang isang demonyo. Hinikayat kami ni Pastor Han na sumama sa pananalangin sa pulong panalanging Daniel. Magmula noon, nananalangin tuwing gabi ang pamilya ko at tinatanggap ang panalangin ni Pastor Persiyal Rajadurai na may panyong makapangyarihan. Lumayas isa-isa ang mga demonyo. Hallelujah!

Noong Agosto 2017, bumisita ako sa Korea para dumalo sa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Nang tanggapin ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit, gumaling ang mga namamagang ugat ko sa kaliwang binti na labintatlong taon ko nang tinitiis. Biglang naparalisa ang pangalawa kong anak na lalaki habang siya ay natutulog. Pero gumaling siya dahil sa panyong idinalangin. Naranasan ng buong pamilya ko ang kapangyarihan ng Diyos at nabubuhay kaming may pag-asang makakarating sa langit. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagbibigay ng pagpapala sa amin para magkaroon ng masayang buhay.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714